

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING HIS ATTENDANCE TO THE PARTIDO DEMOKRATIKO PILIPINO LAKAS NG BAYAN (PDP-LABAN) CAMPAIGN RALLY IN CALOOCAN CITY

[Delivered on Congressional Road in Barangay 173, Caloocan City | April 19, 2022]

Kindly sit down. Maraming salamat po.

May mga ipakilala ako na mga tao. PDP-Laban President and Energy Secretary Alfonso Cusi; PDP-Laban Secretary General and Cabinet Secretary Melvin Matibag; Caloocan City 1st District Congressman Dale Gonzalo Malapitan; Caloocan City Mayor Oscar Malapitan; and of course before I forget, Senator Bong Go; Dante Marcoleta — I will just mention the last name para hindi ka na mag-isip.

Alam mo pati ako I am guilty of that, you know, wala akong listahan minsan ang haba ng — malaki kasi ang Davao, three districts. Ang haba ng listahan ng mga kandidato na konsehal pati ang mga senador. Kaya eh talagang minsan hindi ako nakapagdala ng listahan. You know there's a lot of people who think na masama 'yang magdala ka ng papel. Hindi ho, it's all right, lalo na kung magkopya ka because you cannot remember 'pag nandoon ka na... I don't know a certain sa environment, nakakalimutan mo na 'yung iba.

So it would be good kung magdala kayo ng listahan, kung sinuman 'yung kandidato ninyo, kunin ninyo sa sinusuportahan ninyong kandidato, either a national or local slate, at kopyahin ninyo 'yung choices ninyo. If you want to vote straight, fine; if not, then you can choose, maglista kayo ng mga kandidato na gusto ninyo. It is all right to copy a list prepared by you or a sample ballot that is given to you during election time.

Ano kasi 'yung mga tao. So para hindi ninyo makalimutan: Marcoleta. Alam mo I — siguro isang beses lang kami nagkakilala. But during the congressional hearing about itong ABS-CBN na nandito na ngayon, 'yung camera siguro nila hiram na lang kasi — nandito ba kayo? Well, during the congressional hearing about 'yung sa lahat, ang nahangaan ko sabi ko ito si Dante Marcoleta hindi ko kilala. So sabi ko — I asked somebody just to maybe a few moments para makilala ko lang at sinabi ko sa kanya gusto kong tumakbo ka ng senador kasi kailangan ng bayan 'yung utak mo pati — alam mo ang totoo lang 'yung prinsipyo ng tao.

So humanga ako sa kanya, sabi ko "tumakbo ka". Sabi niya, "wala akong pera". Sabi ko eh 'di pitchi-pitchi na lang, kung ano lang ang dumating sa atin. At nandito siya para harapin kayo at hingiin ang boto ninyo: Dante Marcoleta. *[applause]* Yes, sir.

Ang sunod nito si — alam mo minsan, Sal... Sal Panelo is bright. If you want a Senate that's composed of people who would know what ails — anong ano ng this country, sila 'yan, matagal na sa gobyerno. Si Panelo talagang bright, kita mo naman sa mga sulat niya. But the problem with Panelo is naka-tight-fitting, naka low waist pa ang p***. *[laughter and applause]* Ayaw tumanda ang mama.

Well, if for anything, huwag mo nang pansinin 'yung pantalon niya, 'yung ano, hayaan mo na siya. Alam mo minsan nagpunta kami sa — what country was that? Was it Burma? Alam mo horrendous — nagbarong na walang shirt sa ba... Eh p*****, sabi ko nakikita pa 'yung malaking suso niya. *[laughter]* Sabi ko, "Sal, huwag mong gawain 'yan." Sabi niya, "hindi, pare, mainit dito eh." T-shirt lang naman 'yan. O tapos naka-boots. Ngayon, ang pantalon niya fitting masyado. Bumubukol pa 'yang — gi-low waist mo pa. Siguro kalaki ng o*** nito. *[laughter]*

Ang sunod si Robin Padilla. *[applause]* Alam mo itong si Robin artista 'to, ako hindi. Pa-artista-artista lang kung harap sa asawa lalo na kung mahuli, ayan lumabas 'yung pagka-actor mo. Ito si Robin kilala ko 'to matagal na. Noong ano pa siya, noong he was still in the movies acting. But you know one thing na what strikes me sa kanya kung mag-usap kami mas malayo sa pagkaartista at binubuhos niya 'yung sama ng loob niya sa bayan, sa mga opisyal.

Mayor ako noon. Matagal na akong mayor sa Davao, 23 years. Kaya sabi ko, "alam mo, Robin, balang araw," eh 'yung paningin namin mababa lang, "sabi ko tumakbo ka mayor o congressman" maybe makatulong ka talaga sa — 'yung anuman ang nasa puso mo.

Alam mo dumating ang panahon sa suwerte ng tao, ako naging Presidente at sinuportahan niya ako nang husto because naniwala siya sa akin, kilala ako eh. So ngayon sabi ko, "tumakbo ka, manalo ka". Magboto lahat ng mga babae dito na hmmm... *[laughter]* Nagpalakpak 'yan dahil si Robin Padilla ka. Pero dapat ninyong malaman si Robin Padilla — ang tunay na Robin Padilla de prinsipyo na tao. *[applause]*

Alam mo alam nila lahat, magkasama lang tayo sa partido o kaibigan kung may prinsipyo ka. Pero kung wala kang prinsipyo sa buhay — sabi ko alam mo 'yung mga ganoon na tao — marami 'yan: mga pulitiko, mga negosyante. Pero hanga ako sa mga taong may prinsipyo. De prinsipyo: Robin Padilla. *[applause]*

Itong sunod ipakilala ko, galing na ito sa impiyerno. Umakyat na lang siguro may special pardon. Pero for the longest time, crusader 'to. Hindi lang nga maanghang 'yung salita niya. But he talks about iyong ating bayan at iyong mga isyu na importante sa atin, pinag-uusapan niya. Minsan inaatake ako nito, okay lang 'yung isyu ba, then let me answer. Ang importante the right to be heard.

So kung mayroon kang sasabihin sa akin, give me enough time to respond to your qualms. Pero ngayon, medyo... Ewan ko kung anong napasok sa Diyos, sa utak niya, inangat niya si Rey Langit. Galing impiyerno, nasa langit na ngayon. Botohan ninyo.

Hindi lang 'yan siya 'yung corrosive 'yung ang bunganga. But he talks about the issues affecting the country. Kaya sabi ko ilang panakbo — ilang takbo mo na ito? Pero baka ngayon manalo ka kasi pareho — kinopya mo si Panelo. Iyong pantalon mo nakabalot parang... Naka-low waist ka rin, Rey? Naka-low waist ka? Ha? Next time mag-supporter kayo, huwag na kayo mag... Rey Langit. *[applause]*

Ito naman isang tao na isang ano rin de prinsipyo, crusader. Napabilib niya ako along the course of my being a politician, ilang beses kami nag-usap. Tapos ang always it's about the country, country, country. At sabi ko sa kanya, "*Alam mo, kung pagbigyan tayo ng panahon,*" mayor ako, sabi ko, "*tumakbo ka rin sa inyo.*" Ang level ng usapan namin mababa, hanggang diyan lang sa baba.

Ngayong na-Presidente ako, pinahanap ko. Sabi ko, "*Gusto mo talagang bumawi para sa tao, I will appoint you commissioner sa Presidential Anti-Crime Commission.*" Maraming dinemanda 'to. Ewan ko kung 'yung iba natapos na 'yung hearing. Pero he's a crusader, marunong at maka-Diyos.

Ganoon lang 'yan pero he has a deep religious fervor sa ano niya about sa — "*God willing, kung suwertehin tayo, kung maawa ang Diyos,*" ganoon ito magsalita. So sabi ko maganda ang — [*Ano bang tawag nito? Naubusan na ako ng Tagalog y***.*] — maganda ang asal — ugali, iyong sa loob niya. Ah ugali, memorize ko 'yun but the deeper — iyong sense ng ano mo. Ah basta. [*laughter*] Si Greco Belgica. [*applause*] Iyan kung gusto lang talaga ninyo.

Alam mo, sa totoo lang, I'll talk about it later. Marami diyan sa Senado, matagal na, wala na namang ginagawa. From time to time, kunwari may issue, magsalita. Wala naman silang — to move forward. Iyan ang ayaw ko diyan sa mga senador ngayon. Hindi lahat pero iyong iba matagal na. Palitan na ninyo. Tatal... You know, after the elections, after voting for a candidate, walang kahulugan 'yang tao na 'yan sa iyo.

Hindi mo sila makilala, hindi mo sila ma — you know, chika-chika. Wala. So mamili kayo, iyong mga tao, lahat na sila, pakinggan ninyo. Pero iyong mga tao talaga ang nasa puso nila 'yung bayan. It is very hard to be a politician and be at peace with your pagkatao mo. Kung gusto mo lang ng ambisyon, manalo ka, puporma-porma ka but you do nothing for the six or three years that you are elected, marami diyan sa kanila.

Why don't you just pick people na nakilala na o pinakilala sa inyo? Ako na 'yung nagsasabi. Hindi ako kukuha ng kandidato na corrupt o kandidato na

masama ang ugali o hambog (mayabang). All of them are really subdued and humble. Greco Belgica. *[applause]*

Ito namang sunod, si Astra Pimentel. *[applause]* She's from Cagayan de Oro but ang qualification nito ni Astra is a development worker. Sa baba iyan siya. Iyong whatever iyong sa gobyerno na pamamalakad, lalo na sa mga barangay captain parang not really a coordinator.

But iyong ang mga developments na-introduce, iyong may mga grants, waterworks, iyong mga ganoon na maliliit. Iyan ang expertise ni Astra. So ako naman noong sinabi niya tatakbo siya, sabi ko, "sige." Lalo na kung makuha mo ang Mindanao kasi marami naman kayong senators na i-elect. You divide — depends on a certain place kung makakuha ka ng numero, baka manalo ka, at manalo ka siguro. Astra Pimentel. *[applause]*

Now, itong mga guest candidate namin, ito 'yung gumawa talaga ng halos milagro. Hindi ko akalain na ganoon katiyaga at ganoon ang magawa niya. Together with, if I may mention the name, si Tugade. Tugade was my classmate. He was the valedictorian sa klase namin.

Hindi ko masukat akalain na ganoon ang magawa nila. Ito kay Mark Villar, makita mo 'yung daan sa labas papuntang... *[applause]* It takes about how many hours to be there. Ngayon lahat minus two hours, minus three hours, darating sila. Makita mo maganda ang semento, makapal.

Alam mo, tignan mo kung paano mo malaman kung dinaya ang gobyerno sa isang proyekto? Tignan mo 'yung kapal. The cement must be like something ganoon kakapal. Iyang semento na ano, ganoon kakapal 'yan. Pagkabumaba 'yang semento na ganoon, parang lipstick, hao shiao 'yan.

Sa panahon niya, tignan mo 'yung mga semento, ganoon talaga. So according to specification. Sabi ko, "*Ito ang...*" Akala ko pa naman ito bata pa eh. Noong he was bruited to be a candidate, sabi ko, "*bata man ito,*" akala ko walang ano. Pero hindi ko naman pala akalain. Small time lang kasi 'yung utak natin. Hindi ko akalain na nag-aral pala ito sa Pennsylvania? Doon nag-aral. Kaya pati itong mga bright talagang bright.

Tugade, ganoon rin, valedictorian. Malikot ang utak pero marunong gumawa. Kita mo naman lahat ng project dito `yan, kita mo 'yang highway, iyong train niya pinasakay kami eh. Sixty kilometers per hour. Sabi ko *"Huwag masyadong bilisan, Art. Baka lumabas ng riles 'yan. Pupunta ng... Baka magdating iyang.. Mag-landing iyan doon sa Abra. Dahan-dahan lang."* Sabi niya, *"Hindi, maganda ito."* It's 60 kilometers per hour.

Ito naman sa kanya, puro road network. Ngayon, kung ayaw ninyong maniwala, ako basta bumilib at kung ito ang nasa Senado, maging productive ito at alam niya kung ano how a nation develops. Mark Villar. *[applause]*

Sumunod iyong... Matagal na kaming magkaibigan nito. During the EDSA Revolution and thereafter, maraming mga mutinees na naging wanted ito, sila Capunan, iyang ambassador, I think he is back, siya... Pumunta 'yan sila sa Davao, may ritwal. Parang pinaluhod ka tapos saktan ka nang kaunti just to show kung talagang ikaw ba ay ano. I was not really ready for that kasi dinampot lang nila ako. Iyon pala — sabi pagkatapos, sinabi niya, *"Miyembro ka na ng RAM."*

So all the while, `yung mga gulo-gulo, ako talaga `pag napunta sila ng Davao kinakapote ko. Iyong tumataas na nasa Mindanao ngayon. At nagtataka ako, wanted ito si Gringo, hinahanap ng mga awtoridad, pero kung nagpunta kami sa Davao, nagmo-motor naman kami kung saan-saan, wala naman na umaaresto sa kanya.

Eh sundalo kasi, pati pulis, kita nila na ikot-ikot kami, tapos magkape kami sa, you know... But alam mo, isa, isa lang `yan. What binds him to me or me to him is isa lang, prinsipyo. Talagang prinsipyo na tao — maprinsipyo. Kung ano lang ang tama, para sana sa bayan niya. Well, of course, he was detained and everything. But that is history kasi naging senador na natin.

Ngayon, pagkatapos niya ang senador, nag-graduate siya, kinuha ko siya sa DICT, sa Communications. Matagal kami — matagal ito Cabinet member ko. Tahimik lang pero trabahante. Walang maraming puchu-puchu. Alam mo sa totoo lang, nakita naman ninyo ang performance, there is no need for me to emulate him further. Talagang mahusay as a public servant at tao. Gringo Honasan. *[applause]*

Nandito ba si Harry? Ito si Harry Roque, matagal kaming nag-areglo nito. Ah hindi away, `yung medyo hindi ko siya pinapansin kasi inaatake niya ako dahil sa extrajudicial killing. I will talk about that, extrajudicial killing, pero pagkatapos ng pakilala ko. I will not talk about myself. I am already retiring

in two months, ilang araw na lang at wala na ang relevance ko sa — wala na ako sa tao.

Pero itong si Harry, sige niya akong criticize at ipakulong daw nila ako sa — ewan ko kung saan, p***** i***** kulungan. *[laughter]* Pero noong nagkausap kami, giprang — prangkahan ko siya, I'll talk about it later. Prangka ako sa kanya, sabi ko, "Ikaw, Pilipino ka. Ako, Pilipino..." Ngayon if I forget, you just remind me.

Pero noong nagkaareglo kami, mahusay. Malikot ang utak, malikot ang bunganga. But he is really one of the few international lawyers. UP ito, bar topnotcher, *[applause]* at marunong talaga. Kaya sabi ko kinuha ko siya, then I explained to him ano 'yung — what drove me to do the things that they are accusing me na ginawa ko. Sabihin ko sa inyo ang totoo.

So Harry Roque. Bar topnotcher, mahusay ito. At 'yung gusto ko 'yung inaatake ako, maganda 'yun. Pagka atake lang sa isyu, walang personal, magkakaintindihan tayo. Kung personal, I said, let me just explain.

So noong nagkaayusan kami ginawa ko siyang spokesman. Kaya nga noong naging spokesman, ang likot nga ng bunganga, ang likot ng utak. Pero mahusay, magaling, always correct. But minsan kung anong — I don't know, nasobrahan pagka-bright.

Pero ito mahusay, maprinsipyo na tao. At nakita naman ninyo, sayang kung wala ito sa Senado. Harry, sabi ng babae doon oh, sabi niya pag-akyat ko, "Sabihin mo kay Harry Roque 'yung tiyan niya masyado... Liit-liitan niya." Sabi ko — sabihin ko, kung lumiit 'yang tiyan mo, talagang boboto sila sa iyo. Harry Roque. *[applause]*

Iyang sunod, kaibigan ko rin, matagal na. Sobrang tagal na, noon pa. Well, I will — I must be frank with you, nagkaroon sila ng kaso. But you know, 'yung kanya pending. Hindi pa naman — walang final, walang closure kung ano ba talaga ang nangyari.

Iyong si Revilla natapos na. Iyong kanya, pareho lang man 'yan, 'yung kanya natagalan. I really do not know what's keeping the court too long. But kung tanungin mo ako, abugado ako, unless there is a finding that he is guilty, in my eyes he remains to be innocent. *[applause]* And gusto ko, dahil matiyaga, marunong rin, at alam niya ang trabaho niya, Jinggoy Estrada. *[applause]* Pare, okay lang? Sige. Kita mo, pa-salute-salute pa. Babae, sina-salute-an rin.

Itong... *[Panghuli na ba? Dito nga, panghuli na nga.]* Alam mo nanghinayang talaga ako, sa totoo lang. He ran for president, he tried. Kung sabihin mo totohanan `yung kanya, totohanan. Bagong abugado ito noon, bar topnotcher, number one. Nagtatrabaho ito sa office ni Estelito Mendoza, `yung solicitor general ni Marcos noon.

Ako, nagkaroon ako ng kaso pulitika, demandahan. Alam mo `yung kalaban ko, pero ang problema patay na at nag — naglamano na kami. Ako, `pag naglamano ako, huwag na. But `yun ang — he was the one kept on filing cases against me. I never filed a single case against him. Pero noong nilaban ko `yung kaso, alam mo, umabot kami sa Supreme Court at siya `yung tinuro ni Estelito Mendoza to handle the case.

Bagong abugado lang. Alam mo bilib — napanalo niya ang kaso ko. At simula noon sinusundan ko — sinubaybayan ko `yung buhay niya. Ito si Gibo, mayaman `to. Iyong hindi na kailangan `yung mga ano-anong pera diyan. Kaya niya mabuhay ngayon sa katandaan niya. He has accumulated enough, including `yung sa — of course, `yung parents niya na nakapag-apon. This time, gusto siyang bumalik.

Ako, sa totoo lang, itong mga tao na ito sayang, sayang talaga. To — ako 75 lang sa bar eh, eh ito siguro 91. Pero mahusay at ako mismo pinana — pinapanalo niya sa Supreme Court; at defense secretary, naging secretary of National Defense, mahusay.

Iyong mga sundalo, `yung mga sundalo dito, mayroong mga sundalo pero hindi nagpapakita, nasa labas `yan. Tanong mo, maski sinong sundalo, talagang mahal nila si Gibo kasi bright na, marunong makisama, at planado ang Departamento ng National Defense. Gibo Teodoro. *[applause]* Teodoro na lang para...

Ngayon, dito tayo sa Caloocan City 3rd District Councilor Dean Asistio. *[applause]* Nandidito ba siya? Adre, suportado kita. Dito ako boboto sa ano mo, sa presinto mo. Sabihin mo lang, dadating ako. Sige, boboto ako. Eh kung ako taga-Davao boboto kayo? Ito bang nagapalampak *[applause]* taga-saan itong mga `to? Mukhang hakot ito eh. Hindi hakot `to? Mukhang hakot. *[laughter]* Sige daw palampak daw kayo. *[applause]* Hakot nga. *[laughter]*

Ang sunod... *[Mitz, halika nga Mitz, sandali. Eh araw-araw ito sa Malacañan eh. Halika sandali.] [Ano bang tinatakbuhan mo?]*

MS. MARY MITZI CAJAYON-UY: Congress po.

PRESIDENT DUTERTE: Nasaan diyan?

MS. CAJAYON-UY: Eh hindi po yata — ito po.

PRESIDENT DUTERTE: Ay wala namang...

MS. CAJAYON-UY: Ito — nandito. Sige, salamat.

MS. CAJAYON-UY: Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Supporter ko `yan 2016 pa. Sa Caloocan City local candidates, si "Along" Malapitan for mayor. *[applause]* Itong Malapitan, gusto ko sa mga Malapitan madali malapitan. *[cheers and applause]* Nasa pangalan na.

Vice mayor, Karina Teh. Ma'am, kanina pa kita tinitingnan eh, akala ko... May asawa ka na? *[laughter]* Iyong katabi mo, sino `yan? Hi. *[laughter and applause]* Eh si vice mayor matagal na kaming kilala niyan. Kasama ko `yang asawa niya sa 11th Congress. Naging congressman rin ako eh. First congressman sa 1st District, "Oca" Malapitan. *[applause]*

Congresswoman 2nd District, Mitz Cajayon-Uy; 3rd District, Dean Asistio. *[applause]* The other candidates nga pala, mag-segue ako ha, kasi karaming binibigay o. *[Tulungan mo ako.]* Itong aide ko ganyan-ganyan lang `yan, Annapolis graduate `yan, sa Navy. *[applause]* Anong ranggo mo na ngayon? Anong ranggo mo? [Aide: Lieutenant, sir.] Ah lieutenant sa Navy. Si Chinna kasi singkit `yung mata. Pero tawag — ang pangalan niya Chinna.

So the other candidates na sinusupportahan ko, hindi naman ito kumpleto eh. Hindi ito kumpleto. So ang tinitingnan ko lang `yung dapat nandiyan maibalik, `yung nagtatrabaho: Loren Legarda; Alan Peter Cayetano, mahusay rin; Chiz Escudero, mahusay, ibalik ninyo; Joel Villanueva, tahimik lang pero trabahante; si — takpan mo `yung tainga mo, JV Ejercito *[laughter]*; pati si Migz Zubiri. *[applause]*

Nakasa — nagkasabay man sila magkapatid noon. Bakit hindi sila puwedeng magkasabay ngayon? Wala na? Wala na? Ito ang direktor. Navy `yan, iyan ang direktor ko. Ngayon, I said I will not talk about myself. There is nothing to talk about myself, I am no longer a candidate. Irrelevant na ako.

So ang sinasabi ko lang 'yung mga isyu baka apektado 'yung kandidatura nila dahil sa 'yung tawag nila — mga isyu sa akin. Well, ganito 'yan, I was a prosecutor many years ago, nakita ko 'yung galaw ng droga, padahan-dahan lang. Matagal ako fiscal eh. But I can only do so much. Ang teritoryo ko sa korte. Ako 'yung magdala sa kaso sa gobyerno. Maraming instances na pagdating sa korte, either tawas ang ibigay sa akin ng mga pulis, mga tarantado, o wala, ayaw sumipot. O hindi sa fiscal pa lang, nadi-dismiss na, maghingi ng reinvestigation. At minsan lalo na dito sa Maynila napaka — hindi naman lahat pero there's a good number of judges here in the entire Greater Manila, nabibili.

Sabihin ko sa inyo minsan pumu — nag-communicate ako sa Supreme Court. Sabi ko, may isang judge kayo diyan na 100 cases — drug cases dumaaan diyan, ni isang conviction, wala. Iyon ang prose... Sa Davao, mayroon mga — hindi judges, mga prosecutors kasama ko. So 'yung galit ko sa nakikita ko sa bayan.

Alam mo iyang droga will reduce... Almost dito pagpasok ni Bato, 100 — 1 million plus, plus. Biro mo doon sa Davao ganoon rin karami, sa ibang lugar, drug was everywhere and it was destroying the fibers — the moral fibers of our nation. Galit na galit talaga ako. Kaya noong pagdating ng panahon tumakbo ako --- makinig kayo, hindi ito para sa akin, para sa inyo 'yan — sabi ko 'pag binigyan ako ng Diyos na magkaroon ako ng something na mas malalim sa prosecutor — eh hanggang diyan ka lang eh — sabi ko, tatakbo ako ng pagka-presidente.

Noon, tatakbo ako pagka-mayor. So inuna ko — sabagay suwerte 'yan — kasi ganoon ang programa eh. Hindi ako nagdalawang salita, sinabi ko I will build a city that is safe and secure at ibabalik ko sa inyo 'yung lahat ng inyo. So 'yung daan nandiyan 'yung mga holdupper, kung ano-anong mga istambay nag-iinuman tapos pagkatapos mag-rape, papatayin pa, puputulan ng ulo ang asawa. Ang the latest 'yung anak niya — 'di ba sa news, ni-rape niya, pinatay niya tapos tinapon niya doon sa imburnal sa likod na may construction. Iyan ang droga. Minsan sabi pagdating ng pulis, "*Saan ang nanay mo?*" Sabi niya, "*Ayan.*" "*Saan ang lolo?*" Sabi ng bata, pinutol ni papa ang ulo ng nanay niya. Ganoon na lang ka... Ewan ko 'tong... At saka lumala — gumagana sa lahat ng mga city mayors. Lahat sa Mindanao mayroon doon tatlo, sa Visayas — patay na 'yun, sa Visayas patay na rin 'yun tapos sabi nila ako. Kung may ebidensiya ka eh 'di... Ganoon rin ang ICC.

I will build a city na para sa inyo, na mabawi mo 'yung daan sa gabi, mga park, nakapagpasyal 'yung tao na walang takot. Kayong mga kriminal, mga drug addict, p***** i** magistambay kayo tapos manakit kayo ng tao,

patayin ninyo, buntis man o... Iyong isa buntis lumabas sa convenience store, prosecutor siya ng Ombudsman.

Ganoon sa Davao, hindi lang nahalata. You know if you — may kalaban ka, may kalaban kayo, bigyan mo lang ang anak ng shabu. Over time in about three, four, six months maging addict na `yan and that son or daughter of yours would become slaves sa isang droga. Wala nang ginawa `yan kung magupo, matulog. Paggising, maghanap ng — to snort drugs.

Magulo ang bayan at takot ang tao. At itong mga ICC, mga human rights, hindi nila tinitignan. Ang nakikita lang nila `yung patay na kriminal. Iyong pinatay ng mga drug addict pati durugista, hindi binibilang ng mga g*** kaya ako galit sa kanila.

Ako nasabi ko noong tumakbo ako ng mayor, *"I will build a city. I will make it safe. Ibalik ko sa inyo `yung daan ninyo, `yung park ninyo. Makalabas kayo ng gabi."* [applause] Sabi ko, *"I will guarantee it."*

Sabi ko — tawag ako ng pulis, dalhin mo `yung asawa mo, kung may anak kang babae. Mamasyal kayo mamayang alas dos, alas tres madaling araw. Kung makauwi kayo — ah makauwi `yung anak ninyo, ang asawa ninyo safe and sound, wala namang nanloko, hindi naman binastos, hindi naman hinoldup (holdup), `yun ang gusto ko na sitwasyon para sa lahat. Iyan ang sinabi ko sa pulis. [applause] Gawain ninyo `yan kasi `pag hindi, ako mismo...

Sabi ko do not destroy my city. Do not destroy the lives, waste the lives of my constituents — `yung taga-Davao — kasi kung ginawa ninyo `yan, ay ako sabihin ko uli sa human rights pati `yang ICC na `yan, P***** i**, papatayin ko talaga kayo. [applause]

Noong na-Presidente ako, you — balikan ninyo `yung early pananalita ko. Sinabi ko I have a country to protect. Lahat dito na mga bata, anak ko `yan. `Pag ginalaw ninyo sa droga, magpatayan talaga tayo. Eh kung namatay sila, wala na akong magawa. Why do I have to answer?

Bakit sabihin mo, ano ito? Sino ito namatay? Ano ang nangyari dito? Eh `di p***** i** mo nagtatanong ka, `di hanapin mo `yung sagot mo, huwag sa akin. Tapos na tayo diyan. And to the last day of my term hanggang doon, p***** i** ganoon pa rin, papatayin pa rin kita. T*** i**. [applause]

Who gave you the right? By what right do you have to destroy the life of our children? Anong...? Kahirapan? Lahat naman tayo. Iilan lang `yang milyonaryo ah, si Gibo kasi bright, talagang mayaman kasi `yung tatay pati nanay niya. Tayo lahat galing sa baba. Kaya madukot ko `yung sentimyento ng tao, `yung

pinakalalim na sentimyento ninyo makuha ko. Kasi ang tao helpless eh.

O `di na-Presidente ako, ano ang pinangako ko sa inyo be? Lima lang, anim. Wala na kasi alam ko mahirap ang... Mag-inom muna ako ng tubig ha kasi may nakita akong tumatalsik na laway, baka p*** pareho tayo kay Gordon.

Iyan ang sinabi ko dito sa Maynila. Ano ang pinangako ko sa inyo? Control ko `yung crime, `yung kidnapping kung maaari lang, tapos sabi ko droga tapos sabi ko kung may pera, infrastructure. Anong pinangako ko sa inyo?

Sabi ko may pera tayo taon-taon for six years. Gamitin ninyo `yung pera, hatiin ninyo equally all over from Luzon to Mindanao, hati lahat. Kaya makita mo — ewan ko kung nanalo ako dito pero every city, province, mayroon talagang sariling project.

For the six years, mayroong naibigay ang administrasyon para sa tao. Iyan makikita na ninyo ngayon. Hindi ko na kailangan ipagyabang iyan, `yun naman ang trabaho ko. Trabaho iyan ng trabahante, `yung nagpapala diyan araw-araw, `yun ang dapat pasalamat natin.

Iyon lang ang pangako ko, wala na akong iba sa debates, `yung Presidential debates. Do you remember? I never gave any paano-ano diyan na Wharton-Wharton — Watson pala.

Kaya mapag-usapan lang natin itong droga pati krimen for as long as there is no law and order, wala talaga tayong magawa. Ganito pa rin ang Pilipinas, maghintay ka ng apat pa na presidente unless we rise above the... Marami na kasi tayo, 110 million. Ilan lang ang resources natin? I`m not talking about myself, I`m talking about the incoming administration.

Kakaunti lang ang pera noon, kakaunti lang ang pera ko at bukas. We cannot answer for all of the problems of the Philippines. Dahan-dahan lang sana tayo. Kaya lang kung may law and order, maganda ang buhay, maraming kikita, walang gulo. Ang nagkapagulo dito `yung may mga taong tarantado talaga. Penchant for Calooc — kalohokan. Nasabi ko tuloy "Caloocan."

Pero ito, isa pa, itong NPA wala na `yang ideolohiya nila. Ang doon sa probinsiya, malawak ang lupa. Gusto ng mga investors doon na ang factory mismo sa plantation ng pineapple at tubo, kung ano, para i-process. Iyong cost ng gastos sa gasolina — mahal na kasi ang gasolina ngayon, doon na mismo `yung factory. Magtayo pa lang ng isang poste, maglapit na `yung NPA manghingi.

Alam mo lahat, 'yang sa highways makita mo 'yung being repaired or rehabilitated tapos may pangalan, iyan lang ang tandaan ng mga g***. Pagdaan nila, tingnan nila kung sino ang pangalan 'yung contractor tapos tawagan nila, taxation. Ayaw mo? Iyong parked na bulldozer mo at 'yung tractor mo na naka-parking diyan sa gabi susunugin 'yan.

Ganoon ang buhay sa labas ng Luzon. Dito wala, wala mang construction masyado. Dito hingi, lahat, lahat bumibigay. Mamili ka ng megamall o anong mall, mamili ka kung anong mga kompanya, nagbibigay 'yan.

Kaya 'yang mga opisyal nila sa Communist Party of the Philippines, mayaman 'yan. Bilyon ang collection niyan. Si sila lang, nakatira sa Europe, ipalabas nila kunwari ano hirap lang sila doon. Doon pinapadala.

Itong pobrang NPA na walang ligo, wala nang — hindi na nakatikim ng toothbrush, 'yan sige, patayin 'yung pulis, patayin 'yung sundalo. For what? 53 years, estudyante pa kami, sa panahon ni Sison.

Kaya kami ni Sison, kita mo akong noong earlier, nag-uusap kami. Pero noong nahalata ko na gusto nila ng coalition. Ano ito partido ng pulitika? Gusto nila coalition government. Noong dumating na ang usapan namin na — nahalata ko na gusto nila ganoon, nagmurahan na kami.

Sabi ko, noong mayor pa ako, pumapasok ako sa mga NPA territory. As a matter of fact, kung may ma-hostage na pulis o sundalo, ako 'yung nire-request nila kunin doon sa bukid. Labas-pasok ako.

Pero sa Davao naman, sabi ko "*hayaan mo na lang 'yan*". Parang white area nila, magpunta doon sa Davao hulihin. Sabi ko, "*Huwag na para walang gulo. Huwag lang dito sa siyudad ko.*" Eh malaki 'yung siyudad, maganda. Eh 'di nandoon sila nakatambay.

So kilala ko sila. Walang problema pero mayor lang ako noon. Ang mayor, boto lang 'yan. Maski na kung si Satanas akyatin mo at mayroong boto na hawak, akyatin mo 'yan, maglamano ka dahil sa boto.

Ang problema noong naging Presidente na ako, hindi na nila ako puwedeng makausap ng... Eh Presidente ka na, my interest is really my country at this time.

So wala na akong ano — `yun ang gulo ngayon ng Pilipinas. Mindanao, Abu Sanyaf, medyo nag... Central Mindanao, naplantsa naman namin `yung BARMM, ibigay namin sa ano, so self-governance sila doon. Pero okay na, wala masyadong gulo. I hope that it would not...

Ganoon lang pero wala ako sa kriminal, hanggang diyan lang ako. Hindi ako nag — hindi ako sumasanto diyan sa — hindi ako nakikipag-usap ng kriminal, nagpapatay ako ng kriminal.

Eh sabi, "*pareho pala kayo ni Putin.*" Si Putin binobomba, pinapatay lalaki, babae, matanda, bata. P***** j**, ang pinatay ko kriminal lang. Eh `yung mga durugista, kriminal `yan. `Pag pumasok ka diyan sa droga, sinisira mo `yung bayan ko. `Pag sinira mo `yung bayan ko, hindi na tayo puwedeng ma — we cannot talk to each other.

I don't even want to understand you. I cannot understand you. Hindi ako ano na pag-isipan ko pa anong kasalanan mo. Basta pumasok ka sa droga, ewan ko lang kung anong sunod nito. Ayan, `yan man ang gusto ng human rights, marinig nila sa bunganga ko. Oo, totoo `yan. Nag-warning ako, kakaaga-aga kong mayor pati na-Presidente, `yun ang sinasabi ko, stop f***** — hinto kayo o...

So `yun ang ano. Iyon ang gusto kong i... That's about it, inuna ko `yun sila, ako wala na. I hope that you would... Alam... Wala... Ulit ha, wala akong presidente na ine-endorse. Wala. Mas mabuti `yan walang mga kandidato pagka-presidente na magduda na ginamit ko `yung pera para kay ano `yung sinusuportahan ko. Presidente ako, neutral ako. [*applause*]

Ang sinasabi ko lang na kayong mga kandidato, ma-PDP man o kaalyado ko, o `yung kalaban ng partido, o `yung tumatakbo, ito lang ang hingiin ko sa iyo, aalis na ako: The election has to be peaceful, must be peaceful, a must.

Habang Presidente ako, hindi talaga ako payag — I will not allow terrorism. Eh `yang vote buying, hindi mo ma-control `yan, pasahan `yan ng sobre eh. Pero `yung mag-terrorize ka, magdadala ka ng goons, ah ibang istorya na `yan, magkalaban na tayo. Magkapartido man tayo o hindi, you just, you know, behave. Do not terrorize the people, the elections must be free and it must be credible.

Pagka magdala ka ng mga goons o anong klase diyan, ako mismo ang maghuli sa'yo. Pupuntahan kita. Ang utos ko sa pulis pati military, bahala na 'yang COMELEC na 'yan, ang utos ko sa kanila ganito: 'pag kandidato ka, may kasama kang armado, sumobra sa dalawa, it's a private army. Hulihin mo 'yung kandidato pati 'yung mga bodyguard.

Pagka sumobra kayo... Kung kasama mo lang, walang armas, o 'di okay lang. Pero kung mag... Kagaya nung — gaya 'yang sa Mindanao, maglakad tatlo o apat na sasakyan puno, puro nakalabas 'yung... Ah 'yan ang — hindi ako papayag, ayaw ko kasi isang beses lang ako dumaan sa mundong ito, isang beses lang akong mag-Presidente, ayaw ko na magkamali, lalo na when you begin to tinker with the — itong elections. Wala talaga, ayaw ko 'yan.

For all, tatal nandiyan man 'yang mga TV networks, apparently this is — coverage is entire Philippines. Iyan ang hingiin ko sa mga kandidato. Huwag mo akong subukan, kay ako risonable ako na tao basta igarantiya ko walang terrorism, walang violence, walang takutan.

At 'yung mga kandidato, ulitin ko, you can only have two. My order to Secretary Año at sa pulis, sa military, that is the Alunan — Alunan doctrine, noong si Secretary Alunan pa siya, more than two na may mga armas, mahaba man o wala, 'yung maiksi, private army ka na. Tapos sabi ko, "*Hulihin ninyo. Ako na ang mag...*"

Now, kung magkabarilan, basta 'yan ang utos ko. Then again, mag-ano 'yang human rights. Nagwa-warning ako kasi I have to make the elections credible and peaceful. Para naman ito sa inyo.

Magtanong kayo, "*Bakit man si Duterte ganoon ang bunganga?*" Okay, may sinasabi niyo ako pumapatay ako ng tao, sabi ng Human Rights? Magpatay ka ng tao, hindi naman nakatali 'yan. Magpatay kung lumaban, hindi naman kailangan patayin 'yan kung nakaupo lang.

Bakit ko ginagawa ito? Why am I threatening o 'yung iba talagang hinihiritan ko? Alam mo bakit? Para sa inyo ito at 'yung sa anak ninyo, for the next generation. Matanda na tayo, tayo dito matanda na. [*applause*] Ginagawa ko ito para sa inyo. Hindi ito para sa akin o gusto kong magyabang.

Ako pa nga ang may problema, 'pag hindi na ako Presidente, ako naman 'yung resbakan. O okay lang, kung gantahin — magganti kayo, okay lang. Eh magkita tayo maski saan. But for as long as I have this duty, you must follow the law.

Wala akong hiningi. Sundin lang ninyo ang batas, 'pag hindi niyo sinunod ang batas, magulo na 'yan. Magkakaroon ka na ng kaso at baka p*** itong isang pulis trigger-happy, parakrak na lang. Eh hindi mo naman maano lahat ng pa — mga pulis rin ang g*** eh.

Kagaya ng droga, balikan ko. Pagpunta ko dito sa Maynila, wala akong dinala kung sino 'yung pinakamataas. Ang dinala ko, kayong mga pulis makinig kayo, dinala ko si Bato kasi wala akong 'pag ti — tiwala sa tao, siya lang. Bina — bitbit ko siya.

Sabi ko sa kanya, "*Buksan mo 'yung records. Iyong records ng pulis, buksan mo kung sino ang mga tao.*" Alam mo mga one week after nag-report si Dela Rosa dala 'yung report, six generals ng police nasa droga. Kaya sinabi ko, hindi ko alam akala ko pareho ng Davao, I said I could finish it in six months, papatayin mo lang naman 'yan. P***** i** mo, ayaw mong maniwala, l**** ka.

Pero kung pagdating ko dito sa Customs, kung saan-saan, lahat, may mga nagsusuporta ng droga. Kaya sabi ko, ang kalaban ko mismo noong dumating ako dito, ang gobyerno. Karamihan sa gobyerno, pulis, lahat, nandiyan sa droga. Pero ito lang, ang pulis, well, ayaw ko lang sabihin pero — baka sabihin ninyo na basta pulis-pulis lang kayo diyan tapos foolishness pala.

Pero mahal ko ang pulis. Mahalin mo talaga ang mga security. Iyan ang nagguguardiya natin. Kung may baha, sino ang tawagin ninyo? 'Yung pulis. May landslide, sinong tawagan ninyo? 'Yung pulis. May sunog, sinong maggawa? 'Yang pulis, military.

Sila 'yung mag-excavate, 'yung sa... [*Was it in Capiz?*] Ah hindi sa Capiz. Pero pumunta ako ng Capiz, lugar ni Roxas. Naghatid ako ng tulong. I think it was in — I forgot the place — Leyte, nag-landslide doon. Sino ang in-order-an kong maghukay doon? "*Tulong kayo.*" Pulis.

Sinong malaking suweldo, dinoble ko? Pulis. Bakit? Kasi gusto ko lang magtino. Ngayon kung hindi ka mag — magsali ka sa droga, papatayin kita. Simple lang naman 'yan. Up to the last day of my term, 'yan ang...

At saka 'yung mask, the wearing of mask, must be permanent until aalis ako 20... Alam mo, sabihin ninyo't hindi, nakita ko kasi empirical, 'yung by observation, 'yung ibang lugar na sa may — I don't know, kayabangan o — talagang hindi na kaagad sila nag-maskara. Japan, nagkaroon sila ng balik ng surge. Iyan, sinakyan sila ulit, bagong variant parang grandchild ng COVID-19.

Kaya sa totoo lang, small — it's a very small price to pay. Alam mo istorbo, but at least... Ang kalaban mo kasi diyan ang kamatayan. Iyong bakunado ka na, lalaban na ang katawan mo. But sometimes baka matiyambahan ka... Ako, kasi hindi ako maghinga, pero nag-mask ako ulit, nag... Guminhawa lang ako ng tama, wala nang ano eh, walang hangin.

So 'yan. Ano pang gusto niyong malaman? Wala na? Pagkatao ko? Wala na ako. I am — pa-retire na ako at saka tandaan uli niyo, piliin ninyo nang husto. Ako na mismo ang nagsasabi, itong mga tao na ito, hindi ito mukhang pera.

Iyang si Gordon, naghiram siya sa Subic pa sila, 186 million. Ang 86 million kinuha niya. Tapos noong pag-liquidate, pagdating sa COA ng liquid — liquidation, na-disallow, hindi tama ang pagkagasto. Meaning sa bulsa. Tapos natalo siya. Nag-appeal siya sa en banc. En banc is tatlo kasi: chairman, dalawang commissioner. Tawag nila diyan minsan en banc, en banc. Tapos talo siya, akyat siya ng Supreme Court, talo siya. Ang judgment final and executory. Hanggang ngayon ang buang, nag-malverse ng pera ng tao hanggang ngayon not even an explanation kung ano ang ginamit niya sa 86 million.

Ngayon gusto magpatawag... Ayaw kami, alam mo bakit? Ang p***** j** niya, pinapatawag niya `to si Secretary Galvez pati si Secretary Duque, kasagsagan `yun ng COVID-19 pandemic. So everyday may magdating na bakuna either donated o binili natin, pupunta itong dalawa. Alam mo ang ginawa nitong u*** na Gordon `to?

Palibhasa sinu-subpoena-han niya tapos mag-report ng umaga, hindi naman tawagin hanggang hapon hindi na rin tawagin. Kaya I called his attention, sabi ko *"You know, kaunting respeto lang."* Kung tawagin mo 'yung isang Secretary, Cabinet member, i-schedule mo 10 o'clock in the morning. Ten o'clock in the morning, pasalitain mo na. Huwag mong pahintayin diyan, matapos na lang ang araw, hindi ka makapagsalita. Iyan lang man ang sa TV. You know, ang...

That's the only thing that I — nagreklamo ako. Tapos ang COA, cleared. Itong si Gordon ngayon, iyong Pharma — *[Ano 'yun? Pharmally? Iyong...]* Tinatanong siya minsan kasi iyong isa doon Intsik. Iyong Intsik na 'yun went to Davao almost 23 years ago to do business. Mayaman na 'yan ngayon. Eh siyempre, [garbled] pumasok. Noong tinanong ako, sabi ko, "Oo, kilala ko 'yan. Presidente ng Davao 'yan."

Akala naman itong Gordon, basta may mga Intsik, nakawan kaagad. So nag-imbetiga siya, wala naman hanggang ngayon. Walang... Hindi, walang findings. Siya lang ang nagsasabi. Kaya ako sabi ko kung ito lang man ang... At saka kung magsalita akala mo sino.

Sigaw-sigawan niya `yang kapwa niya Pilipino, palibhasa Amerikano itong u*** eh, Flash Gordon. Iyan ang ayaw ko. Sinita ko, sabi ko, *"Do not — huwag mong bastusin `yung mga officials. Sino ka ba?"*

Hanggang ngayon hindi naka... Ngayon tatakbo ng senador. Anak ng p*** kung botohan pa ninyo, sige. How do you prosecute a senator? Ganoon katagal. Walang nagawa ang gobyerno, senador eh, takot lahat. Iyong P86 million that was about four years, five years ago. Hindi talaga lumabas 'yun. Ako ang nagsabi sa taong-bayan.

Doon sa Olongapo, ang cemetery doon patong-patong na 'yung halos tagtatlo, apat na ang namatayan na walang lupa na. Pero siya, isang kanto parang eternal garden. Iyon inilibing niya 'yung mga ano niya, mga ninuno, mga kapatid, parang private cemetery. Kita mo 'yung... Bastos.

Balita — maghanap kayo but ayan Teodoro o Gringo. Nakakita ka ba dito nagasigaw-sigaw ng kapwa niya tao? "Blah, blah that's irrelevant." Hambog. Pero tingnan mo 'yung TV na sabi ko sa PepTalk, tingnan mo 'yung nagsalita siya na — eh ang camera nandiyan eh. Umuulan ng laway ang buang. Kaya ako... [*Ma'am, wala kang nakitang laway ko lumilipad? Vice, vice squad?*]

Wala na? Eh 'di uwi na tayo. Alang-alang mag-istorya tayo dito ng... Hindi ako marunong mag-adjust ng... Iyan ang mahirap sa... Magalaw mo, hindi ko na alam paano mag — hindi nga ako makaano 'yung cellphone. Minsan 'yung gamit ko 'yung pindot-pindot pa rin. Mawala ako, 'pag nag-ganoon 'yan, hindi ko na alam kung paano ibalik. Pareho kanina, sabi ko sa kay Chinna, "*Iyo na 'yan.*"

So ano pa — ano pa po ang gusto ninyong marinig? Sige man kayo sigaw, "*Duterte! Duterte!*" Wala... [*Crowd chants: Duterte! Duterte! Duterte!*] Tama na 'yan, tapos na ako. Ito na lang sila, mamili kayo.

Ito, one of them is... Ako, maging qualified presidente? Gibo, sa totoo lang. [*applause*] Kung tatakbo ito ng presidente. Tumakbo na ito eh pero hindi — hindi, wala sa panahon, wala sa timing. Pero gusto ninyo talaga pareho kay Marcos, number 1 sa Bar, ito si Gibo at mahusay. [*applause*]

Harry Roque, topnotcher. [*Number 7 ka ba? Are you... Takot ka magyabang?*]

Alam mo, iilan lang international lawyer, bihira. Ako hindi ako international lawyer, hindi ako puwedeng — bright. Iyan, 'yan, isa, isa 'yan. Iilan lang 'yan sila, very few of them. Si... Ah lahat, lahat-lahat ito sila.

Si Panelo nagkamot na, ba-bye na daw. Okay na lang, sige na. Basta ang tao marami ng kati, walang kati iyang ganoon, `yan uuwi. "*May kasalanan ka? P***** j**!*" "*Hindi man, sir.*" [laughter] Sinong taga-San Beda dito na law graduate? Naabot ninyo si Solidum? Ah ito, naabot. [*Ikaw umabot ka?*] Ito si Sal, UP. Nagtuturo `yan sa UP, Ateneo, San Beda.

Ang boses nito — pero strikto ito, ganoon kataas oh. Iyong Amerikana niya `yung kusot na kusot, `yung old style na puti. Tapos ang kotse niya Volkswagen na garagaragarag. Siya `yung sa front seat, ang sa likod `yung sa asawa niya. Noong... Ganoon `yan.

Ang ma-pronounce niya `yung last syllable. Pero may dalawa doon sa klase namin na ending "*te,*" Duterte pati Laurente. Sabi niya, "*Hmm, te!*" Eh `di tindig ako, tindig din si Laurente. Tapos sabi niya, "*What?*" Sabi ko, "*What, sir?*" "*Why are you standing? I did not call you.*" Eh Ilonggo `yun eh, taga-Capiz. "*Sir, I did not hear my name being called.*" "*You cannot hear, you did not hear because you are always talking at the back.*" Tapos, "*Ah come here! You sit in front. You're always... O Laurente,*" he said.

Tapos nag-iba ang ihip ng panahon. "*Ah Laurente, you sit down. You recite.*" Ako `yung tinuro. Ah `di tindig ako. Kamot ako ng ulo. Sabi niya, "*What?*" "*What, sir?*" "*Start to answer.*" Eh `di siyempre... "*Sir, there is no question yet, sir.*" Ah siyempre parang nakuwan siya, nagalit lalo. "*Ah god***** stop scratching your head, you'll distribute the dandruff in this room. Keep it in your head, that is the only one you have.*" [laughter]

Kami `yung dumaan sa kanya. Ganoon lang `yun pero... [*Hindi ka dumaan kay Solidum? Kay Justice Solidum?*] [*Senatorial Candidate Roque: No, sir, hindi na namin naabutan, sir.*] Hindi mo na naabutan.

Justice Solidum, Court of Appeals. Ganoon lang `yun pero `yung kami remedial law, ah wala, chicken. Siya `yung professor namin sa tatlong subject. Wala, ang aga lumabas namin kasi talagang... "*Oh god*****, what are you waiting for? Let us go home. I have not eaten my dinner.*" [applause]

[President Duterte returns to the podium.]

May nakalimutan ako. Actually, gusto ko lang sabihin na may isang anak ako na kandidato. [applause] Kung maski last mo lang siya i-shade, si Inday Sara. [applause] Salamat. Kung maanuhan lang niyo.

— END —